



Mabibilis na Sagot para sa mga Healthcare Professional sa mga Karaniwang Maaaring Itanong ng mga Tao Tungkol sa mga Bakuna para sa COVID-19

Kapag nakikipag-usap sa inyong mga pasyente tungkol sa mga bakuna para sa COVID-19, gumawa ng matibay, mabisang rekomendasyon, at hayaan silang magtanong. Ang marinig ang inyong mga kasagutan ay maaaring makapagbigay sa kanila ng kumpiyansang magpabakuna.

1. Dapat ba akong magpabakuna para sa COVID-19?

Mariin kong inirerekomendang magpabakuna ka. Mapoprotektahan ka ng bakuna sa pagkakaroon ng COVID-19. Kung mahawahan ka pa rin pagkatapos mong mabakunahan, maaaring pigilan ng bakuna ang malubhang karamdaman. Sa pagpapabakuna, matutulungan mo ring protektahan ang mga taong nakapaligid sa iyo.

2. Pwede ba akong magka-COVID-19 dahil sa bakuna?

Hindi. Wala sa mga bakuna ng COVID-19 na kasalukuyang pinapayagang gamitin o nasa kasalukuyang pagpapaunlad sa Estados Unidos ang gumagamit ng buhay na virus na nagdudulot ng COVID-19. Ganunpaman, karaniwang tumatagal ng ilang linggo upang makalikha ang katawan ng immunity pagkatapos mabakunahan. Nangangahulugan iyon na maaari kang mahawahan ng virus na nagdudulot ng COVID-19 at magkasakit, bago o pagkatapos mabakunahan.

3. Kung nagkaroon na ako ng COVID-19 at nakarekober, kailangan ko pa rin bang magpabakuna?

Oo. Inirerekomenda ng CDC na magpabakuna ka kahit na nagkaroon ka na ng COVID-19, dahil maaari mo itong makuha nang higit sa isang beses. Bagama't maaaring mayroon kang panandaliang proteksyon ng anti-body pagkatapos na makarekober mula sa COVID-19, hindi namin alam kung hanggang kailan tatagal ang proteksyong ito.

4. Maaari bang magpabakuna para sa COVID-19 ang aking batang anak?

Hindi. Maraming pag-aaral pa ang kailangang isagawa bago mairekomenda ang mga bakuna para sa COVID-19 para sa mga batang may edad na 16 pababa.

5. Ligtas bang magpabakuna para sa COVID-19 kung mayroon akong datihan nang umiiral na kondisyong medikal?

Oo. Ang pagbabakuna para sa COVID-19 ay sadyang napakahalaga para sa mga taong may datihan nang umiiral na mga suliraning pangkalusugan katulad ng sakit sa puso, sakit sa baga, diabetes, at labis na katabaan. Ang mga taong may mga ganitong kondisyon ay maaaring magkasakit nang malubha dahil sa COVID

-



- 6. Mas mainam bang natural na magkaroon ng immunity sa COVID-19 kaysa magkaroon ng immunity mula sa bakuna?**
- Hindi. Bagama't maaaring mayroon kang panandaliang proteksyon ng anti-body pagkatapos na makarekober mula sa COVID-19, hindi namin alam kung hanggang kailan tatagal ang proteksyong ito. Ang pagbabakuna ang pinakamahusay na proteksyon, at ligtas ito. Ang mga taong nagkakaroon ng COVID-19 ay maaaring magkaroon ng malulubhang karamdaman, at ang ilan ay mayroong mga nakapanghihinang sintomas na tumatagal ng ilang buwan.
- 7. Bakit kailangan ko ng dalawang turok ng COVID-19?**
- Ang kasalukuyang pinapayagang mga bakuna, at karamihan sa mga bakunang nasa proseso ng pagpapaunlad, ay nangangailangan ng dalawang dosis ng bakuna. Tinutulungan ng unang turok ang immune system na makilala ang virus, at pinalalakas ng pangalawang turok ang immune response. Kailangan mo pareho ang mga ito upang makuha ang pinakamatibay na proteksyon.
- 8. Masakit ba o magkakasakit ba ako dahil sa turok?**
- Maaaring mayroong mga side effect, ngunit dapat mawala rin ang mga ito sa loob ng ilang araw. Ang mga maaaring side effect ay pamamaga ng braso, sakit ng ulo, lagnat, o mga pananakit ng katawan. Hindi ito nangangahulugang mayroon kang COVID-19. Ang mga side effect ay mga palatandaan na gumagana ang bakuna sa paglikha ng immunity. Kung hindi mawala ang mga ito sa loob ng isang linggo, o mayroon kang mas malalalang sintomas, tawagan ang iyong doktor.
- 9. Mayroon bang mga pangmatagalang side effect mula sa bakuna para sa COVID-19?**
- Dahil bago ang lahat ng bakuna para sa COVID-19, gugugol ng maraming oras at maraming mababakunahang tao upang malaman ang napakapambihira o posibleng mga pangmatagalang side-effect. Ang magandang balita, kinalap ang safety data sa mga clinical trial para sa lahat ng mga pinapayagang bakuna nang hindi bababa sa 8 linggo, at hindi pangkaraniwan na lumabas ang mga side effect ng bakuna nang mahigit 8 linggo pagkatapos ng pagbabakuna.
- 10. Papaano ko malalaman na ligtas ang bakuna para sa COVID-19?**
- Lahat ng bakuna para sa COVID-19 ay sinubukan sa mga clinical trial sa libu-libong tao upang makatiyak na natutugunan nito ang mga safety standard at pinoprotektahan ang matatanda mula sa iba't ibang edad, lahi, at mga etnisidad. Walang malalang mga problema sa kaligtasan. Patuloy na tutukan ng CDC at FDA ang mga bakuna upang tingnan ang mga safety issue pagkatapos na payagan at magamit ang mga ito.
- 11. Papaano ko iuulat ang mga problema o masasamang reaksyon pagkatapos mabakunahan para sa COVID-19?**
- Hinihikayat ko ang lahat ng tatanggap ng bakuna na magpatala sa v-safe. Isa itong smartphone tool na maaari mong gamitin upang sabihin sa CDC kung mayroon kanga ano mang side effect pagkatapos mabakunahan para sa COVID-19. Kapag mag-uulat ka ng malulubhang side effect, tatawag ang isa mula sa CDC upang mag-follow up. Bibigyan kita ng mga instruksyon kung papaano magpa